


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 1

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 4:
## Pagtukoy ng Kailanan ng Pangngalan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Unang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagtukoy ng Kailanan ng Pangngalan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Riela Angela C. Josol

**Editor/Tagasuri:** Roanna B. Laranjo

**Tagaguhit:** Daniel S. Josol

**Tagalapat:** Riela Angela C. Josol

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma L. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## Alamin

Isang mapagpalang araw sa iyo mahal kong mag-aaral! Malugod kitang binabati dahil natapos at nasagot mo nang matagumpay ang mga tanong at mga gawain sa tatlong aralin. Narito na naman ako upang gabayan at tulungan ka sa ating aralin para sa ikalawang markahan.


Ang modyul na ito ay tumatalakay sa paksang **Pagtukoy ng Kailanan ng Pangngalan**. Alam mo ba kung ano ang mga ito? Kung hindi pa, huwag kang mag-alala dahil tuturuan kita. Kaya halika na!



Pagkatapos ng ating paglalakbay patungo sa kaalaman, ikaw ay inaasahang:

- Nakatutukoy ng kailanan ng pangngalan **(F1WG-IIc-f-2.1)**

| **Aralin 4** | **Pagtukoy ng Kailanan ng Pangngalan** |
|---|---|



## Balikan



Bago natin simulan ang ating bagong aralin, balikan muna natin ang ating nakaraang leksiyon upang masusubukan ang iyong natutunan.

**A. Basahin at kumpletuhin ang bawat pangungusap. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa inyong kuwaderno.**

| | |
|---|---|
| tore | kambal |
| pakiusap | Koreano |

1. Sa kuwento, si Rapunzel ay nakatira sa isang mataas na ________________ sa mahabang panahon.
2. Ang ________________ ay sabay na ipinagbubuntis at iisa ang ina.
3. Si Lee Min Ho ay isang artistang ________________ na ipinanganak at nakatira sa Korea.

B. Pag-aralan ang mga larawan. Isulat ang titik **A** o **B** sa patlang.



**A**



**B**

_____ 1. Alin sa mga larawan sa loob ng kahon ang iisa?

_____ 2. Alin ang marami?



## *Tuklasin*

Ngayon ay basahin natin ang kuwento. Huwag kalimutang maaari kang magpatulong sa iyong lolo at lola, mga magulang, nakatatandang kapatid at kamag-anak na kasama sa bahay. Handa ka na ba? Simulan na natin ang masayang pagbabasa at pag-unawa sa paksa.



# Ang Kamatis ni Peles

Napagod na si Peles sa maghapong paglalaro at pamamasyal. Kaya nang makita niya ang halamanan ni Hugong Langgam, nainggit siya at nakaisip na magtanim din.

Inihanda niya ang kaniyang mga gagamitin:


Ang  na pambungkal ng lupa


Ang mga  ng kamatis na ibinigay sa kaniya ni Hugo.


Araw ng Linggo, itinanim niya ang mga  .

Lunes, wala pang sibol ang kaniyang tanim. Ang lungkot-lungkot niya.

Martes, sinindihan niya ang mga  upang hindi matakot ang kaniyang mga tanim.

Miyerkoles, ang mga kaibigan  ay inimbitahan upang sumigla ang mga tanim.

Huwebes, ang mga  naman ang kaniyang dinala upang magbasa sa kaniyang mga tanim.

Biyernes,  naman ang kaniyang naisipang ilagay.

Sabado, laking tuwa ni Peles. Nakita rin niya sa wakas ang mga  ng kaniyang tanim.

Ilang araw pa ang lumipas, mapupula at malalaking  ang makikita sa kaniyang hardin.

**Sagutin ang sumusunod na mga tanong.**

- Ano-ano ang ang mga bagay na makikita sa hardin sa kuwentong “Ang Kamatis ni Peles?”
- Alin sa mga nasa larawan ang iisa?
- Alin naman ang marami?



## *Suriin*




Sa bahaging ito ng modyul, tinitiyak ang iyong pag-unawa sa kailanan ng pangngalan at ang kasanayang dapat mong malinang.

Ano ang ginamit na salita upang sabihin kung ilan ang bawat isa?

Ginagamit ang salitang **ang** kapag tumutukoy ng isang pangngalan.

**Halimbawa**:

- ang pala 
- ang pantabing na kumot 

Ginagamit ang salitang **ang mga** kapag tumutukoy ng dalawa o higit pang pangngalan.

**Halimbawa**:


- ang mga buto ng kamatis 
- ang mga kandila 
- ang mga palaka 




- ang mga aklat



- ang mga kamatis




## *Pagyamanin*




**Pag-aralan ang mga larawan. Sabihin kung alin sa mga ito ang kailangan mo upang maging malusog. Sundan ang pormat sa ibaba. Gawin ito sa inyong kuwaderno.**

1. ang ________________________
2. ang mga ________________________
3. ang ________________________
4. ang mga ________________________







## *Isaisip*




- Ang **ang** ay ginagamit kapag tumutukoy ng isang pangngalan.
- Ang **ang mga** naman ay ginagamit kapag tumutukoy ng dalawa o higit pang pangngalan.

Pag-aralan ang mga larawan. Isulat ang titik **A** o **B** sa patlang.





**A** **B**

_____ 1. Alin sa dalawang larawan ang tumutukoy ng isang pangngalan?

_____ 2. Alin naman ang tumutukoy sa higit pang pangngalan?




## *Tayahin*

Bilib ako sa iyo! Matagumpay mong nasagutan ang mga katanungan at mga gawain. Upang lubos mo pang maunawaan ang ating paksa, mayroon pa akong inihandang gawain para sa iyo. Galingan mo!



**Panuto:** Tukuyin ang bilang ng pangngalan sa larawan. Isulat ang **ang** at **ang mga** sa patlang. Gawin ito sa inyong kuwaderno.



1. _______________ kalabaw



2. _______________ lobo



3. ________________ bata




4. ________________ tindahan



5. ________________ simbahan




## *Isagawa/Karagdagang Gawain*



Mahusay! Nasagutan mo ang mga tanong na nakahanda para sa iyo. Idagdag mo ang gawain sa ibaba sa iyong kaalaman mula sa paksang napag-aralan.


**Panuto: Salungguhitan ang tamang sagot.**



1) ang, ang mga lapis





2) ang, ang mga kuwaderno




3) ang, ang mga krayola




4) ang, ang mga pambura



5) ang, ang mga bag



# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

A.
1. tore
2. kambal
3. Koreano

B.
1. B
2. A

**Pagyamanin**
1. ang keso/kalabasa
2. ang mga itlog/saging
3. ang keso/kalabasa
4. ang mga itlog/saging

**Isaisip**
1. A
2. B

**Tayahin**
1. ang
2. ang mga
3. ang mga
4. ang
5. ang

**Karagdagang Gawain**
1. ang
2. ang mga
3. ang mga
4. ang
5. ang

# *Sanggunian*


Aklat - Bumasa at Sumulat sa Filipino 1
Filipino MELCs
Bitmoji App (Avatar)